

Checklist Bago Mag-enroll

Bago gumawa ng desisyon sa pag-enroll, mahalagang lubos mong maunawaan ang aming mga benepisyo at mga patakaran. Kung mayroon kang anumang tanong, puwede kang tumawag at makipag-usap sa isang kinatawan ng serbisyo sa customer sa **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm.

Pag-unawa sa Mga Benepisyo

- ☐ Nagbibigay ang Katibayan ng Coverage (Evidence of Coverage, EOC) ng kumpletong listahan ng lahat ng coverage at serbisyo. Mahalagang suriin ang coverage ng plano, mga gastos, at benepisyo bago ka mag-enroll. Bisitahin ang **www.alamedaalliance.org/alliancewellness** o tumawag sa **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)** (TTY: **1.800.735.2929**) upang tingnan ang kopya ng Katibayan ng Coverage (EOC).
- ☐ Suriin ang Direktoryo ng Provider (o tanungin ang iyong doktor) upang matiyak na kabilang sa network ang mga doktor na kasalukuyan mong pinupuntahan. Kung hindi sila nakalista, nangangahulugan ito na malamang na kailangan mong pumili ng bagong doktor.
- ☐ Suriin ang Direktoryo ng Parmasya upang matiyak na kabilang sa network ang parmasyang ginagamit mo para sa anumang inireresetang gamot. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang na kailanganin mong pumili ng bagong parmasya para sa iyong mga reseta.
- ☐ Suriin ang formulary upang matiyak na saklaw ang iyong mga gamot.

Pag-unawa sa Mahahalagang Patakaran

- ☐ Maaaring magbago ang mga benepisyo, premium, at/o copayment/co-insurance sa Enero 1, 2028.
- ☐ Maliban sa mga emergency o agarang sitwasyon, hindi namin sinasaklaw ang mga serbisyo mula sa mga provider na wala sa network (mga doktor na hindi nakalista sa Direktoryo ng Provider).
- ☐ Ang planong ito ay dual eligible special needs plan (D-SNP). Ang iyong kakayahang mag-enroll ay ibabatay sa beripikasyon na karapat-dapat kang makatanggap ng



parehong Medicare at tulong medikal mula sa plano ng estado sa ilalim ng Medicaid.

Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at kontrata sa Programa ng Medi-Cal (Medicaid) ng Estado ng California. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.